REPUBLIKA NG PILIPINAS
BAYAN NG TAYTAY
LALAWIGAN NG RIZAL

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

FILE COPY

BAHAGI NG KATITKAN NG HINDI PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN TAYTAY, RIZAL, NA IDINAOS NUONG HUNYO 29, 1995, SA SILID PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Pablo J. Gonzaga | - Pang. Punong Bayan |
| Kgg. Carlos V. Borja | - Konsehal |
| Kgg. Nolasco V. Reyes, Jr. | - " |
| Kgg. Filomeno I. Naval | - " |
| Kgg. Nestor SJ. Naval | - " |
| Kgg. Antonio B. Naval | - " |
| Kgg. Joseph F. Zapeda | - " |
| Kgg. Ceferino D. Pullante | - " |
| Kgg. Andres C. Cruz, Jr. | - ABC President |
| Kgg. Janet D. de Leon | - SK President |

HINDI DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Jaime L. Mariano | - Konsehal |

- - - - - - - - - - - -

KAPASIYAHAN BILANG 74

KAPASIYAHANG NAGBIBIGAY KARAPATAN KAY INGAT-YAMAN JOSEFINA O. DE JESUS, NA KUNIN SA PONDO NG "DEVELOPMENT FEE" ANG HALAGANG ₱ 580,000.00 PARA SA PAGBILI NG DALAWANG (2) ISUZU ELF DUMP TRUCK NA GAGAMITIN SA PAGHAHAKOT NG BASURA SA BAGONG PAMILIHANG BAYAN NG BAYANG ITO.

SAPAGKAT, sa kasalukuyan ay kulang-kulang ang panghakot ng basura sa bayang ito, lalu pa ngat't kung isasaalang-alang ang bagong Pamilihang Bayan, na kailangang panatilihing malinis ang kapaligiran upang hindi pamugaran ng mga langaw na dulot ng basura, sakaling ito ay hindi mahakot sa tamang oras;

SAPAGKAT, upang mapangalagaan at mapanatiling malinis ang kapaligiran ng Bagong Pamilihang Bayan ay lubhang kailanga ang karagdagang panghakot ng basura; at

SAPAGKAT, sa sesyong ito ay napagkaisahan ng kapulungan ang pagbili ng dalawang (2) ISUZU ELF Dump Truck na gagamitin sa paghahakot ng basura sa Ba[illegible] Pamilihang Bayan ng bayang ito;

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kon. Filomeno I. Naval, na pinangalawahan ni Kon. ABC Andres C. Cruz, Jr, ay;

PINAGPASIYAHAN, na kagaya ng pagkakapasiya, na bigyan ng karapatan kagaya ng pagkakabigay ng karapatan sa kay Ingat-Yaman Josefina O. De Jesus, na kunin sa pondo ng "Development Fee" ang halagang ₱580,000.00 para sa pagbili ng dalawang (2) ISUZU ELF Dump Truck, na gagamitin sa paghahakot ng basura sa Bagong Pamilihang Bayan ng bayang ito;

PINAGPASIYAHAN PA, na ipadala ang sipi ng Kapasiyahang ito sa mga kinauukulan para sa kanilang kabatiran;

PINAGTIBAY NG LUBUSAN.

PINATUTUNAYAN KO, na ang Kapasiyahang ito ay tunay at siyang katotohanan.

PABLO J. GONZAGA
Pangalawang Punong Bayan
(Tagapamatnugot)

PINAGTIBAY:

GODOFREDO C. VALERA
Punong Bayan

LEOVIGILDA B. DE BORJA
Board Secretary II
Acting SB Secretary